



## Pangkalahatang Impormasyon sa Pormularyo ng Pagreregistro ng Estudyante

Para maiparehistro ang inyong anak sa paaralan, kakailanganin ng mga magulang na kumpletuhin ang Pormularyo ng Pagreregistro ng mga Esudyante. Ang pormularyo ay matatagpuan sa paaralan ng inyong anak o di kaya ay makikita ito sa website ng Distrito, makukumpleto sa internet, maiimprinta at malalagdaan ng magulang, Mangyari lamang na dalhin ang pormularyong kinumpleto, prueba ng kasalukuyang tirahan, prueba ng pangalan ng inyong anak, petsa ng kapanganakan at pagkamamamayan (citizenship) sa paaralan kung saan ninyo iparehistro ang inyong anak.

Kung kayo ay magulang ng isang estudyanteng nagmumula sa ibang bansa o baguhan sa Canada, mangyari lamang kontakin ang One World...One Centre o bisitahin ang website nito para sa mga impormasyon:

[One World...One Centre](#)

12050-95A Street

780-944-2001

### May mga katanungan tungkol sa Pormularyo sa Pagreregistro ng Estudyante?

Mangyari lamang na tumawag o bumisita sa paaralang lokal o kontakin ang Edmonton Catholic Schools sa 780-441-6000 o sa [info@ecsd.net](mailto:info@ecsd.net).

### Pangongolekta at Paggamit ng Impormasyong Pang-sarili

Ang mga impormasyong pang-sarili (personal information) na kinolekta sa Pormularyo ng Pagreregistro ng Estudyante at iba pang impormasyong pang-sarili na nakolekta at nanatili bilang bahagi ng tala ng isang estudyante ay gagamitin sa pagreregistro at pagbibigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa inyong anak. May mga impormasyon ding isisiwalat sa Alberta Education para matugunan ang mga kinakailangan sa pag-uulat at sa pamamagitan ng kasunduan. Ang impormasyong ito ay kinolekta sa ilalim ng kapangyarihan ng *Alberta School Act*, na nagpapairal sa mga programa at serbisyong inihahandog ng Edmonton Catholic Schools at sa ika-33 Seksyon ng *Freedom of Information and Protection of Privacy Act* ng Alberta. Ang impormasyon ay pangangalagaan ng kondisyones na nasasaad sa *Freedom of Information and Protection of Privacy Act* ng Alberta. Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa koleksyon at paggamit ng mga impormasyong ito, makipagugnayan sa Prinsipal ng paaralan ng inyong anak.

Sa ika-4 na pahina ng **Pormularyo sa Pagreregistro ng Estudyante**, ang mga magulang/tagapag-alaga ay nabanggit sa mga sumusunod na dokumento. Mangyari lamang na basahin ang dokumentong ito at ipakita ang inyong pagpayag o pahintulot sa nararapat na lugar.

#### Kasunduan sa Responsableng Paggamit ng Esudyante

Ang dokumentong ito ay nagsasaad ng mga responsibilidad ng inyong anak na may kaugnayan sa kagamitan tulad ng mga kompyuter, internet at email.

#### Paggamit at Pagsisiwalat ng Impormasyong Pang-sarili

Ang dokumentong ito ay nagsasaad kung papaano at kailan kinakailangang mangoleka at gamitin ng mga kawani ng distrito ang impormasyong pang-sarili ng inyong anak.

#### Mga Pamamatnubay sa mga Pampublikong website ng Distrito

Ang dokumentong ito ay nagsasaad kung kailan at anong impormasyon ang maaaring ipaskil sa website ng isang Distrito.

Sa ika 4 na pahina ng Pormularyo ng Pagreregistro ng Estudyante ay naroroon ang isang seksyong tinatawag na **Pagpayag Makilahok sa Midya**. Mangyari lamang na basahin at lagyan ng tsek ang mga seksyong inaayunan ninyo.

Isinasaad ng nasasa ibaba ng ika-4 na pahina na kinakailangan ng Edmonton Catholic School ang inyong pahintulot na gamitin ang email bilang isang opsyon para maipabatid sa inyo ang mga impormasyong pampaaralan o impormasyon mula sa distrito. Ilan sa mga pahatid na ito ay tungkol sa mga impormasyong naghahandog (offers), mga anunsyo (advertisements) o mga promosyong **may kaugnayan sa mga gawaing pampaaralan tulad ng mga taunang aklat (yearbooks), pagbibiyahang labas ng paaralan (field trips), mga programa sa pananghalian (lunch programs), mga larawan (photos), o mga magkakaparehong gawaing pampaaralan (similar school related activities)**. Kung pipiliin ninyong hindi magpahintulot dito, makakatanggap lamang kayo ng mga mensahe tungkol sa pagpasok o mga mensaheng pangkagipitan (emergency messages).